

Ulat ng Kaalaman sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Baitang 2

Ang mga mag-aaral ay tinatasa batay sa kanilang kakayahan, mga pamaraan, at kaisipang magagawa sa antas na baitang na isinasaad sa ipinatutupad na mga pamantayan ng California.

Ang mga marka sa baba't reporting period ay nagpapahayag ng pagsulong ng mag-aaral tungo sa inaasahan.

Ang Magagawa sa English Language Arts

Pagbasa:

Panitikan

- Gumagamit ng karunungan sa mga elemento ng panitikan (pagbuo ng tauhan, pangyayari, pinangyarihan, pinakaubod ng mensahe), balangkas ng salaysay (mga kuwento, tula, awit), wika ng panitikan (pagbabago, magkakasintunog), na gawa ng maylikha (pagpili ng mga salita, kaisipan) na mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa mga katibayang batay sa kahulugan ng talata.
- Bumabasa ng mahabang magkakaibang talata ng nag-iisa at pagsisikap kabilang ang mga iba't-ibang uri ng magkakaparehong kuwentong nagbibigay-aral at katutubong kuwento mula sa magkakaibang kultura.

Talatang Nagbibigay Kaalaman

- Gumagamit ng karunungan ng mga talatang nagbibigay ng kaalaman (diagram, talahuluganan [glossaries], talatuntunan [index]), maghanap ng mga kagamitan (electronic menus), at gawa ng maylikha (pagpili ng wika, kaisipan) na mag-isip, magsalita, at sumulat ng tungkol sa mga katibayang batay sa kahulugan ng mga talata
- Bumabasa ng mahabang mga talata at banghay na nag-iisa at pagsisikap kabilang ang history/social studies, science, digital, at mga talatang teknikal

Pagsulat: Pira-pirasong Kuro-kuro, Mga Talatang Nagbibigay-alam/Nagpapaliwanag, at mga Salaysay

- Sumusulat ng maayos at binuong mga talata na nararapat sa gawain, layunin, at tagapakinig.
- Sa gabay at suporta ng mga nakatatanda at kababata, bumubuo at pinalalakas ang pagsulat sa pamamagitan ng pagbanghay, pagsaliksik, pagbago, pagpalit, at paglathala.

Pagsalita at Pakikinig

- Sumasali sa mga pinagtutulungang pag-uusap upang mapalawak at mabuo ang kahulugan ng mga talata, kaisipan at kaalaman sa maraming pangyayari at maraming kasamahan.
- Gumagamit ng mga salita ng may kakayahan at tama upang iulat ang mga talata, kuro-kuro, paksa, at karanasan.

Wika

- Gumagamit ng nararapat sa baitang na balarila ng Standard English (irregular plural nouns, reflexive pronouns), mga pamantayan (malalaking titik, katapusang tuldok, pagbaybay), at ang wikang pinag-aaralan upang suportahan ang pagbasa, pagsulat, at pagsalita.
- Makilala ang kahulugan ng hindi kilala at maraming kahulugan ng mga salita sa paggamit ng maraming pamaraan (kabuuan, unlapi, ugat na salita).

Pinagbabatayang Kakayahan

- Gumagamit ng kakayahang suriin ang salita ng tama at pagsisikap (mahaba at maikling patinig, grupo ng patinig, karaniwang unlapi at hulapi) upang mabasa ang talata sa antas na baitang nang tama at husay.
- **Pinagbabatayang Kakayahan - Spanish**
Gumagamit ng kakayahang suriin ang salitan nang tama at pagsisikap (kinikilala ang diphthongs, dio, pie, bien at decodes multisyllabic na mga salita) upang basahin ang talata sa antas na baitang nang tama at husay. Nakikilala at ginagamit ang tuno ng pagsasalita sa mga karaniwang ginagamit na salita (ratón, lápiz, teléfono).

Ang Magagawa sa Mathematics

Pagsasagawa at Kaisipang Algebra

- Gumagamit ng pagdagdag at pagbawas sa loob ng 100 upang lutasin ang isa at dalawang hakbang na problema.
- Mahusay na magdagdag at magbawas sa loob ng bilang 20.
- Nakikilala kung ang grupo ng mga bagay (hanggang 20) ay may botal o kaparis na numberong kabahagi (pagpaparis).
- Inihahanda para sa multiplication: gumagamit ng pagdagdag upang mahanap ang kabuuang bilang ng mga bagay na nakaayos hanggang 5 sa 5 hanay; inuulit na pagdagdag at pagbilan ng pagparami (multiples).

Numero at Pagsasagawa sa Tig-sampu

- Nauunawaan na ang 3 digit ng isang 3 digit-number ay nagpapahayag ng bilang ng tig-sandaan, tig-sampu, at tig-isa.
- Bumabasa, sumusulat, at bumibilang ng hanggang 1000 kabilang ang hindi pagbilang ng tig-2, tig-5, tig-10 at tig-100.
- Naghahambing ng dalawang tatlong-digit numbers sa paggamit ng nararapat na simbolo $<$, $>$, $=$.
- Mahusay na nagdaragdag at nagbabawas sa loob ng 100 sa paggamit ng halaga ng lugar ng mga pamaraan.
- Nagdaragdag at nagbabawas sa loob ng 1000 sa paggamit ng modelo o mga guhit at halaga ng lugar na pamaraan.
- Sa kaisipan nagdaragdag ng 10 o 100 sa isang numero gayundin nagbabawas ng 10 o 100 sa isang numero.
- Nagpapaliwanag kung bakit ang pamaraang pagdagdag at pagbawas ay nagagawa.

Sukat at Datos

- Sinusukat ang haba, gumagamit ng nararapat na kasangkapan, ng isang bagay ng dalawang beses sa paggamit ng magkakaibang haba para sa dalawa; inilalarawan kung papaanong ang dalawang sukat ay kaugnay sa haba ng bagay na napili.
- Tinatantiya ang haba sa paggamit ng yunit (pulgada, talampakan, sentimetro, at metro).
- Sinusukat upang malaman kung gaano kahaba ang isang bagay kaysa sa iba, nagpapahayag ng pagkakaiba ng karaniwang yunit.
- Gumagamit ng pagdagdag at pagbawas sa loob ng 100 upang lumutas ng mga nakapahayag na problema tungkol sa haba, gumagamit

ng mga guhit at equation na makikita sa problema.

Geometry

- Kinikilala at iginuguhit ang mga hugis na may nasabing katangian.
- Hinahati ang mga bilog at parehaba sa dalawa, tatlo o apat na magkakaparehong bahagi, inilalarawan ang mga bahagi sa paggamit ng mga salitang kalahati, pang-tatlo, kalahati ng, pang-tatlong bahagi ng, atbp.

Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Mathematics

1. Gumagawa ng mga kaisipang problemang pangungusap at sinisikap na lutasin ang mga ito.
2. Nangangatuwirang pangkaisipan at pangmaramihan.
3. Bumubuo ng maaaring pagtalunan at sinusuri ang mga pangangatuwiran ng kapuwa.
4. Nagmomodelo sa mathematics.
5. Gumagamit ng pamaraang nararapat na mga kasangkapan.
6. Tinatanggap ang wasto.
7. Humahanap at gumagamit ng balangkas.
8. Humahanap at nagpapahayag ng pagtitiwala sa mga pangangatuwirang inuulit.

Ang Magagawa sa History/Social Science

- Nagbibigay ng pagkakaiba ng mga bagay na matagal nang nangyari at sa mga bagay na nangyari kahapon.
- Nagpapamalas ng kakayahan sa mapa sa paglalarawan ng tiyak at kaugnay na mga lugar ng tao, lugar, at kapaligiran gayundin ang mahanap sa mapa kung saan tumira ang kanilang mga ninuno.
- Ipinaliliwanag ang mga institusyon ng gobyerno at mga kaugalian ng Estados Unidos at ang ibang bansa gaya ng kung papaanong ang mga batas ay nabuo at isinagawa.
- Nauunawaan ang kahalagahan ng mga gawa at ugali ng tao at ipinaliliwanag kung papaanong ang mga nakaraang mga bayani at ang kailan lamang ay nakapagbigay ng kabutihan sa buhay ng ibang tao sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga talambuhay.

Ang Magagawa sa (Agham) Science

Physical Sciences

- Nagmamasid, nagsusukat, at naglalarawan ng galaw.

Life Sciences

- Nauunawaan na ang mga buhay na bagay (organism) ay nagtataglay ng sadyang ikot ng buhay (kapanganakan, kabataan, katandaan, kamatayan).

Earth Sciences

- Naglalarawan at naghahambing ng pambihirang katangian ng mga bato at lupa; alam at ipinaliliwanag kung papaanong ang mga bagay sa mundo ay kapakipakinabang.

Ang 8 Kaugalian sa Science at Engineering (batay sa pagkabanghay sa Next Generation Science Standards) para sa baw't antas ng baitang:

1. Nagtatanong (para sa agham) at nagbibigay kahulugan ng mga problema (para sa engineering).
2. Bumubuo at gumagamit ng modelo.
3. Nagpapalano at nagsasagawa ng mga pagsisiyasat.
4. Sinusuri at binibigyang kahulugan ang datos.
5. Gumagamit ng kaisipang mathematics at computational.
6. Gumagawa ng pagpapaliwanag (sa agham) at gumagawa ng mga kalutasan (sa engineering).
7. Sumasali sa mga pagtatalo batay sa mga katibayan.
8. Nangunguha, nagtatasa, at nakikipag-ugnayan ng mga kaalaman.

Ang Magagawa sa Visual and Performing Arts

Dance, Music, Theatre, Visual Arts

- Dance: Transforms rhythmic patterns.
- Music: Sings, plays, reads, and writes scales and pitches.
- Theatre: Demonstrates plot through believable characters.
- Visual Arts: Uses elements of art to create mood.

Ang Magagawa sa Physical Education

Mga Kakayahan at Huwaran ng Paggalaw

- Nagpapamalas ng dalubhasa sa mga kakayahang locomotor at non-locomotor.
- Naglalarawan ng tamang pamaraan sa mga kakayahang magsagawa ng higit na maayos

Physical Fitness

- Kumikilos ng malumanay hanggang mabilis na paggalaw tatlo hanggang apat na beses sa isang linggo kabilang ang lakas ng kalamnan at tibay (hal., gumapang, lumuhod, mag-squat, push-ups, pag-unat).
- Nagpapamalas ng karunungan sa tungkulin ng puso at ang kaugnayan sa baga, ang tungkulin ng kailangang nararapat sa paggawa, kinikilala ang pag-unat ng kalamnan sa oras ng paggalaw at ang ibubunga ng mainit na mga kalamnan/malamig na mga kalamnan.

Ang Magagawa sa Kalusugan (Health)

- Paglinang sa karunungan sa kalusugan sa pamamagitan: pagtanggap ng sariling pananagutan para sa panghabang-buhay na kalusugan; paggalang para at pagtaguyod ng kalusugan ng kapuwa; ang pag-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad; kaalaman sa paggamit ng mga impormasyon, mga produkto at paglilingkod na may kaugnayan sa kalusugan.

Para sa English Learners: English Language Development (ELD)

- Ang mga English learners ay umaasang magiging marunong sa wikang English. Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumulong ng kahit isang antas ng karunungan sa wikang English bawa't taon. Ang mga antas ng karunungan ng wikang English ay nakasaad sa California ELD Standards.
- Ang Expected Overall Proficiency Level (OPL) ay tumutukoy sa pinakamababang inaasahang pangkalahatang karunungan ng mag-aaral sa wikang English sa *katapusan ng kasalukuyang taon*, at batay sa unang antas ng karunungan sa wikang English ng mag-aaral sa pagpasok sa distrito.
- Isinulat na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa isinulat na pahayag ng mag-aaral (isinulat sa wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Binigkas na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa binigkas ng mag-aaral (pagsalita ng wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Ang pagsulong ay makikita sa paghahambing ng Isinulat at Binigkas na Pahayag para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat hanggang sa katapusan ng taong inaasahang OPL.

DRAFT